# Itigil ang Pagkalat ng Coronavirus!

Dumadami ang kaso ng impeksyon sa mga miyembro ng pamilya mula Agosto. Ang virus mutants ay mabilis kumalat sa ating tahanan, trabaho at iba pa. Halimbawa, ・・・

- ☐ Kumalat ang impeksyon sa miyembro ng pamilya dahil sa pagsasalo sa kainan kasama ng na-impeksyon na kamag-anak.
- ☐ Ang isang miyembro ng pamilya ay nahawaan sa kanyang trabaho at ito ay kumalat sa lahat ng kasama sa bahay.
- ☐ Ang isang miyembro ng pamilya ay na-impeksyon sa kainan kasama ang kaibigan at nahawaan niya ang mga kasama sa bahay.
- ☐ Kumalat ang impeksyon sa pagtitipon ng magkakapatid.
- ☐ Kumalat ang impeksyon sa mga lumahok ng birthday party.

Upang maiwasan ang lalong pagkalat ng virus, ipagpatuloy ang mga hakbang sa pag-iingat tulad ng pagsuot ng face mask at pag-iwas sa pakikisalamuha sa iba (maliban sa kasama sa bahay).

Dahil naiulat na epektibo ang bakuna sa pagpigil ng sintomas ng Covid-19 o paglala ng sintomas kung mahawaan, bigyan ng konsiderasyon ang pagpapabakuna upang maprotektahan ang sarili at inyong pamilya.

*Ang vaccination rate ng mga dayuhang mamamayan sa Lungsod ng Kani ay umabot na sa 60%.

**Tanggapan ng bakuna para sa mga dayuhang mamamayan (may interpreter)**

**Panahon at oras** Unang dose: Oktubre 10 (Linggo) 9:00 AM - 4:00 PM
(Pangalawang dose: Oktubre 31 (Linggo), parehong oras)

- ◆ **Lugar** Shimoedo Chiku Center (Kanishi Shimoedo 1673)
- ◆ **Kapasidad** Umaga = 120 katao, Hapon = 120 katao
- ◆ **Reserbasyon** Sa pamamagitan ng code

日本語 English Portuguese

- ◆ **Panahon ng Pagbakuna** Setyembre 27 (Lunes) – Oktubre 5 (Martes)
- ◆ **Paalala** Kailangang pirmahan ng magulang ang palatanungan ng mga menor de edad na 12 ~ 15 taong gulang.

Para sa mga katanungan Kani City Novel Coronavirus Vaccination Office
TEL: 0574-62-1111 Ext. 5514